Republika Ng Pilipinas
BAYAN NG BULALACAO
Silangang Mindoro
-oOo-

BARANGAY NG MAASIN

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY

SESSION REGULAR NG SANGGUNIANG BARANGAY NG MAASIN, BULALACAO, SILANGANG MINDORO NGAYONG IKA 19 NG MARSO, 1979.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Mr. Alejandro Astillo | - Bgy. Capitan/Presiding Officer |
| Mr. Revarido Antonio | - Kagawad |
| Mr. Jhony Magracia | - " |
| Mr. Raymundo Ocampo | - " |
| Mr. Alberto Francisco | - " |
| Mr. Arcadio Mendoza | - " |

HINDI DUMALO:

Mr. Florencio Pajanil - Kagawad

X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - X

Ang pagpupulong ay tinawagan ni Barangay Capitan, Alejandro Astillo sa ika 8 ng umaga.

RESOLUSIYON BLG. 2 14-23
KAUTUSANG BLG 3 14-23

BATAS NA NAGBABAWAL SA SINO MANG TAO MATANDA O' MAGING MGA BATA NA MAG DUMI O' MAGTAPON NG DUMI NA MAKAKARUMI SA DALAMPASIGAN O' BAYBAYING DAGAT NG BARANGAY NG MAASIN, BULALACAO, SILANGANG MINDORO AT NAGBIBIGAY NG PARUSA SA BAWAT PAG LABAG NG ALIN MANG SIKSIYON NITO.

SIKSIYON I.- Sapagkat, isa sa mga Programa ng ating kataas taasang Ministro at Ginang Emilda R. Marcos ay kalinisan ng Bayan at Mga Barangay;

SIKSIYON 2.- Sapagkat, dahil sa panukala na nabanggit sa Siksiyon I mahigpit na ipinagbabawal sa sino mang tao matanda o' maging mga bata na mag dumi o' magtapon ng dumi na makakarumi sa dalampasigan o' baybaying dagat ng Barangay ng Maasin, Bulalacao, Silangang Mindoro;

SIKSIYON 3.- Sapagkat, ang sino mang maglabag ng kautusang ito ay magmumulta ng ₱ 10.00 pataas ngunit hindi lalabis sa ₱ 25.00 at mabibilanggo ng tatlong (3) araw pataas ngunit hindi lalabis sa limang (5) araw sa kapasiyahan ng kagalanggalang na Hukom;

SIKSIYON 4.- Sapagkat ang kautusang ito ay magkakaroon ng bisa labing limang (15) araw matapus maaprobahan ng lahat.

Mungkahi ni Kagawad Raymundo Ocampo, pinangalawahan ni Kagawad Jhony Magraica ang kautusang ito ay inaprobahan ng lahat.

INAPROBAHAN NG LAHAT

Marso 19, 1979

X - - - - - - - - - X

ALEJANDRO ASTILLO
(Bgy. Capitan)

REVARIDO ANTONIO
Kagawad

RAYMUNDO OCAMPO
Kagaead

JHONY MAGRACIA
Kagawad

ALBERTO FRANCISCO
Kagawad

ARCADIO MENDOZA
Kagawad

Segundo Agustin
Bgy. Secretary

Approved April 11, 1979

Scanned with CamScanner